# Proseso ng Muling Pagdidistrito sa County ng Sacramento

Kada sampung taon, gumagamit ang mga lokal na pamahalaan ng mga bagong datos ng census upang iguhit muli ang mga linya ng kanilang distrito upang ipakita kung paano nagbago ang mga lokal na populasyon. Iniaatas ng Assembly Bill 849 (2019) sa mga lungsod at county na ilahok ang mga komunidad sa proseso ng muling pagdidistrito sa pamamagitan ng pagdaraos ng mga pampublikong pagdinig at/o mga workshop at pagsasagawa ng pampublikong programa, kabilang ang mga komunidad na hindi nagsasalita ng English.

## Ano ang muling pagdidistrito?

Kada sampung taon, dapat iguhit muli ang mga distrito bilang pagsunod sa Voting Rights Act of 1965 upang ang bawat distrito ay halos magkasindami sa populasyon. Ang prosesong ito, na tinatawag na muling pagdidistrito, ay mahalaga upang matiyak na ang bawat miyembro ng lupon ay kumakatawan sa halos parehong bilang ng mga nasasakupan.

Sa Sacramento County, ang Lupon ng mga Tagapangasiwa ay responsable sa pagguhit ng mga distritong dapat pangasiwaan. Ang muling pagdidistrito ay isinasagawa gamit ang datos ng U.S. Census, na orihinal na nakatakdang ilabas noong Marso 31, 2021. Gayunpaman, dahil sa COVID-19, ang pagpapalabas ng datos ay inaasahang maaantala hanggang Setyembre 2021. Para sa County ng Sacramento, ang proseso ng muling pagdidistrito ay dapat na makumpleto sa Disyembre 15, 2021.

## Bakit mahalaga sa akin ang muling pagdidistrito?

Tinutukoy ng muling pagdidistrito kung aling mga purok at komunidad ang pinagsama-sama sa iisang distrito para sa mga layunin ng paghahalal sa miyembro ng lupon. Ang Lupon ng mga Tagapangasiwa ay hihingi ng opinion sa pagpili ng susunod na mapa ng distrito para sa ating mga pinangangasiwaang distrito. Ikaw ay may isang oportunidad na ibahagi sa Lupon ng mga Tagapangasiwa kung paano sa iyong palagay dapat iguhit ang mga hangganan ng distrito upang mailarawan ang iyong komunidad nang pinakamahusay.

## Ano ang hitsura ng mga pinangangasiwaang distrito sa kasalukuyan?

Makikita mo ang mapa ng mga kasalukuyang pinangangasiwaang distrito ng County dito. Maaari mong tingnan ang indibidwal na mga mapa ng distrito dito.

## Ano ang mga gagamiting pamantayan ng aming Lupon ng Tagapangasiwa kapag iginuguhit ang mga linya ng distrito?

Hanggang sa makakaya, ang mga linya ng distrito ang susundin gamit ang mga sumusunod na pamantayan:
(1) Mga distritong heograpikal na magkakadikit
(2) Ang heograpikong integridad ng mga purok o komunidad ay dapat igalang sa paraang mababawasan ang pagkahati nito
(3) Ang heograpikong integridad ng isang lungsod ay dapat igalang sa paraang mababawasan ang pagkahati nito
(4) Mga hangganang madaling matukoy na tumutugaygay sa mga natural o artipisyal na harang (mga ilog, kalye, highway, linya ng riles, atbp.)
(5) Ang mga linya ay dapat maiguhit upang humikayat ng heograpikong pagkakabuo. Bilang karagdagan, ang mga hangganan ay hindi dapat iguhit para sa mga layunin ng pagkiling o pagdidiskrimina laban sa isang partidong politikal.

**Paano aabisuhan ang publiko tungkol sa muling pagdidistrito?**
Hinihikayat ng County ang paglahok ng mga residente ng Sacramento County at magbibigay ng impormasyon sa pamamagitan ng webpage na ito, sa social media, sa pamamagitan ng listahan ng pamamahagi ng email sa impormasyon ng Muling Pagdidistrito, lokal na media, at mga samahan at kaakibat na nakabase sa komunidad. Isasama sa impormasyon ang mga pampublikong workshop, mga pampublikong pagdinig, mga balangkas na mapa, ang pagguhit ng mga linya ng hangganan para sa iyong distrito, at marami pang iba.

**Paano ako makikilahok?**
Ang Lupon ng mga Tagapangasiwa ay magdaraos ng mga pagdinig upang tumanggap ng pampublikong opinyon sa kung saan dapat iguhit ang mga linya ng distrito. Maaari ring magsumite ang mga residente ng mga pampublikong komento, kabilang ang mga iminumungkahing balangkas na mapa, sa pamamagitan ng pag-email sa redistricting@saccounty.net.

**Saan ko malalaman ang mas marami pang impormasyon?**
Pinapanatili ng County ang isang webpage sa proseso nito ng muling pagdidistrito dito: www.SacCounty.net/Redistricting